



Kyo.Prot.N. 8/2021

Unang Linggo ng Kuwaresma
Pebrero 21, 2021

ANG SULAT PARA SA MGA KATEKUMENO NG DIYOSESIS NG KYOTO

Minamahal na mga Katekumeno,

Ang Kuwaresma ay nagsimula na.

Sa mga Linggo ng Kuwaresma ang ginagamit na liturhiya ay para sa mga kandidato sa binyag, at kaming mga Katoliko ng Diyosesis ng Kyoto ay nag-aalay ng espesyal na panalangin para sa inyo na naghahanda sa binyag.

Dahil sa new corona virus na tumama noong nakaraang taon, marahil hindi ninyo ramdam na kayo ay handa sa pag-binyag ayon sa inyong kagustuhan. Subalit inyong tandaan na ang aming mga panalangin ay kasama ninyo at pag-ingatan ang panahong ito ng paglilinis at pagbibigay ng liwanag. Kayo ay pinili sa pamamagitan ng malayang pagmamahal at awa ng ating maawaing Diyos. Manalangin na ang Diyos na nagpapagaling sa ating sugat at kahinaan ay palayain kayo sa pwersa ng kasalanan at kasamaan at palakasin ang inyong pagnanais na sumunod kay Kristo, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay.

Para sa mga nabinyagan na, alalahanin na kahit mahirap pang magtipon sa mga simbahan dahil sa corona virus, tayo ay isang komunidad na pinagbuklod ng pananampalataya. Buong-puso kayong makibahagi sa mga liturhiya para sa mga kandidato sa binyag ngayong Kuwaresma at manalangin kasama nila upang sa gayon ang bawat komunidad sa simbahan ay mapanibago at makabahagi sa misteryo ng Paskuwa. Panibaguhin ang inyong buhay sa pamamagitan ng pagbabalik-loob, pananampalataya, at pagmamahal, magsikap na maging modelo para sa mga kandidato sa binyag.

Sa kaniyang homiliya sa Miyerkules de Abo ngayong taon, ang sabi ni Papa Fransisco, “Ang Kuwaresma ay hindi lamang ayon sa mga maliliit na ating ginagawa, kundi ayon sa ating pagkilala kung saan patungo and ating mga puso.” Kaniyang pagpapapatuloy, “Ating itanong: Saan ako dadalhin ng sistema ng nabigasyon ng aking buhay – patungo ba sa Diyos o patungo sa aking sarili? Ako ba ay nabubuhay para magbigay lugod sa Diyos, o para mapansin, mapuri, para mapunta sa unahan ng pila...?”

Sa aking isinulat noong Bagong Taon na Liham, *Pagsasabuhay sa Pananampalataya sa Panahon ng Corona*, sa harap ng pandemic na ito “tayo ay maglaan ng tahimik na panahon para makipag-usap sa Diyos,” itanong kung ano ang kabuluhan para sa atin ang mabuhay sa panahong ito. Tayo ay manalangin para sa pagpapakumbaba upang malaman natin ang kahalagahan ng tawag ng Panginoon para sa atin sa unos na ito.

Bawat taon sa isang Linggo sa loob ng Panahon ng Pagkabuhay sa Pagtitipon ng mga Bagong Katoliko sa Diyosesis ng Kyoto, ang Diyosesis ng Kyoto ay sumasalubong sa mga bagong binyagan at mga sumali sa atin galing sa ibang mga Kristiyanong Simbahan. Noong nakaraang taon ito ay nakansela dahil sa pandemya, ngunit ngayong taon ay plano naming ganapin ito sa Ikatlong Linggo ng Pagkabuhay, Abril 18. Inaasahan ko ang pagkikita nating lahat doon.

✠ Paul Yoshinao Otsuka
Katolikong Obispo ng Kyoto